Pahayag ni **ANTHONY J. BECKER**, Kandidato para sa
Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 6

Trabaho: Estudyante ng Sinematograpiya/Rideshare **Edad:** 31

Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:

Residente ako ng Santa Clara buong buhay ko, nagtapos ako sa Kolehiyo ng De Anza at kasalukuyang estudyante ng Unibersidad ng Estado sa San Jose. Dito ako lumaki at dito ko sinimulang isakatuparan ang aking karera sa pelikula, anak ako ng Santa Clara. Gusto kong maranasan din ng iba ang mga pagkakataong nagkaroon ako sa magandang lunsod na ito. Isa akong pinuno, at ako ang kinabukasan at ang pinakahanda para sa konseho ng lunsod puwesto 6. Ang aking edukasyon at karanasan ay nasa mga larangan ng mga sining pampelikula at agham sa pulitika.

Ang aking mga priyoridad bilang miyembro ng konseho ay ang mga sumusunod: Ako ang magiging boses ng mga botante upang ihinto ang mga patagong pakikipag-ayos at magkaroon ng plano sa pangkalahatang pagpapaunlad na batay sa sentido kumon na makakasundo ng mga kasalukuyang kapitbahayan. Ipagkaloob ang pinakamahuhusay na serbisyo sa mga residente mula sa mga pampublikong kaligtasan at utilidad sa munisipyo, hanggang sa mga serbisyo para sa nakatatanda at kabataan. Tiyakin ang pagkakaroon ng independiyenteng pagbabantay at pagiging tapat/kalinawan ng mga aksyon sa lunsod maging ng mga solusyon sa mga reporma sa pensiyon at mga balanseng badyet.

Mayroon akong kakayahan sa pamumuno, paninindigan at motibasyon upang pagsilbihan ang mga residente ng Santa Clara. Hindi ako isang pulitiko sa karera at hindi ako sinusuportahan ng anumang mga espesyal na interes, kaya ako ang inyong boses, at magtatrabaho ako para sa inyo.

Buong galang kong hinihingi ang iyong pagsasaalang-alang at ang karangalang matanggap ang iyong boto.

Bumisita sa aking website sa http://www.beckerforcouncil2016.com